

Abril 10, 2025

Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad) tungkol sa:

DIREKTORYO NG TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO PROGRAMA NG INSENTIBO SA KALIDAD

D-2025-Programa ng Insentibo sa Kalidad-004

Ano ang Dapat Malaman

Ang Programa ng Insentibo sa Kalidad (Quality Incentive Program o QIP) ay tumutulong na matiyak na ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay nagbibigay ng mahusay na serbisyo. Maaaring kumita ng karagdagang bayad ang mga tagapagbigay kapag natugunan nila ang mahahalagang layunin ng QIP. Para matanggap ang kanilang buong rate ng pagbabayad, dapat sumali ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa bagong online na Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at tiyaking tama ang impormasyon ng kanilang direktoryo. Ang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ay isang online na sistema na tumutulong sa mga tao na makahanap ng impormasyon tungkol sa mga tagapagbigay ng serbisyo. Ang DDS, mga sentrong pangrehiyon, at mga tagapagbigay ng serbisyo ay nagtutulungan upang kolektahin at suriin ang impormasyong ito.

Ano ang Magbabago

Walang magbabago para sa mga indibidwal at pamilyang tumatanggap ng mga serbisyo. Simula Enero 1, 2025, ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay dapat lumahok sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo upang matanggap ang kanilang buong rate ng pagbabayad. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay nahahati sa tatlong grupo:

- **Karapat-dapat sa QIP** – Tatanggapin ang kanilang buong rate, ngunit dapat kumpletuhin ang mga hakbang sa kanilang direktoryo.
- **Kailangan ng Pagsusuri** – Dapat gumawa ng Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo na account at isumite ang kanilang impormasyon upang matanggap ang kanilang buong rate.
- **Mga Bagong Tagapagbigay ng Serbisyo** – Dapat magparehistro para sa direktoryo sa loob ng 45 araw mula sa vendorization upang mapanatili ang kanilang buong rate.

Ang mga sentrong pangrehiyon ay dapat magpadala ng mga bayad na insentibo sa loob ng 90 araw pagkatapos nilang matanggap ang listahan ng mga kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyo.

May mga katanungan?

Mag-email sa QIPQuestions@dds.ca.gov para sa mga tanong tungkol sa Programa sa Insentibo sa Kalidad.

Matutuo nang Higit Pa

Matuto nang higit pa sa [Provider Directory](https://www.dds.ca.gov/initiatives/provider-directory/) at sa mga webpage ng [Quality Incentive Program](https://www.dds.ca.gov/rc/vendor-provider/quality-incentive-program/).
(<https://www.dds.ca.gov/initiatives/provider-directory/> at <https://www.dds.ca.gov/rc/vendor-provider/quality-incentive-program/>)

